



**Ginagamot ng Henry Ford Health System (HFHS) ang bawat pasyente nang may dignidad, respeto at malasakit. Maaaring lumapit sa HFHS ang mga pasyente para sa patas na pagpepresyo ng mga serbisyong medikal na ibinibigay nito at para sa tulong sa paghahanap ng mga opsyon upang makatulong na pamahalaan ang kanilang mga gastusing medikal.**

**Maaari kang maging kwalipikado para sa tulong sa iyong medikal na bill sa pamamagitan ng aming Patient Financial Assistance Program (Programa ng Tulong Pananalapi sa Pasyente, PFAP).**

**Paano ako magiging kwalipikado sa PFAP?**

Dapat mong matugunan ang ilang partikular na kinakailangan upang maging kwalipikado sa PFAP. Ipinapakita ang mga ito sa talahanayan sa ibaba.

Mga Pamantayan sa Kwalipikasyon	Paraan 1	Paraan 2a	Paraan 2b
Mamamayan ng U.S. o legal na residente	X	X	X
Nakatira sa Macomb, Oakland o Wayne County	X	X	X
Na-diagnose sa HFHS ng isang provider ng HFHS	X	X	X
Hindi kwalipikado para sa insurance sa kalusugan	X		
Mas mababa sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ang kita	X	X	
Naka-insure na may limitadong mapagkukunan ng pananalapi		X	X
Mas malaki sa 30% ng kita ng sambahayan ang mga medikal na bill sa HFHS		X	X

*\*Maaari naming suriin ang mga pasyente para sa pagiging kwalipikado sa paraang retrospective batay sa mga pamantayang hindi nakalista sa itaas.*

Kung matugunan mo ang mga pamantayan para sa Paraan 1 o 2a, maaari kang makatanggap ng 100% diskwento sa mga kwalipikadong serbisyong medikal.

Kung matugunan mo ang mga pamantayan para sa Paraan 2b, ang iyong kwalipikadong medikal na utang ay maaaring ibaba sa 30% ng kita ng iyong sambahayan.

Kung hindi mo matugunan ang mga pamantayan para sa alinman sa mga paraang ito, sisingilin ka nang hindi hihigit sa kung ano ang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng mayroong saklaw ng insurance sa kalusugan.

**Paano ako mag-a-apply sa PFAP?**

Upang mag-apply sa PFAP, dapat mong kumpletuhin ang isang Aplikasyon sa Programa ng Tulong Pananalapi sa Pasyente at magbigay ng mga pansuportang dokumento. Mayroon kang hanggang 240 araw matapos mong matanggap ang iyong unang bill upang mag-apply. Pagkatapos matanggap ng HFHS ang iyong nakumpletong aplikasyon, bibigyan ka ng pasya sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 30 araw.

**Paano ko malalaman ang higit pang impormasyon?**

Para sa higit pang impormasyon o upang makakuha ng libreng kopya ng aming kumpletong patakaran at/o aplikasyon, mangyaring:

- Pumunta sa aming website sa [www.henryford.com/financialassistance](http://www.henryford.com/financialassistance)
- Makipag-usap sa aming kawani ng pagpaparehistro o sa mga navigator ng pananalapi nang personal o tumawag sa:
  - Ospital at Mga Medical Center ng Henry Ford (kasama na ang Cottage Medical Center): (313) 916-4510
  - Henry Ford Wyandotte Hospital o Brownstown Medical Center: (734) 246-9516
  - Henry Ford West Bloomfield Hospital: (248) 325-0201
  - Henry Ford Macomb Hospitals (Clinton Township at Mount Clemens): (586) 263-2696
  - Henry Ford Kingswood Hospital at Maplegrove Center: (313) 874-9501